# SHEET NG KATOTOHANAN:
# ISTASYON NG SANTA CLARA BART

Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*





*Konseptong larawan – Pwedeng magbago*

Ang Istasyon ng Santa Clara, na katabi ng Istasyon ng Caltrain ng Santa Clara at ang paged-develop ng mga Gateway Crossing sa hinaharap, ang magiging dulo ng istasyon ng linya para sa BART Phase II Extension ng VTA. Hindi Katulad ng tatlong iba pang istasyon, ang concourse ay mas mataas at ang platform ay nasa kapantayan ng lupa, Katulad ng istasyon ng Warm Springs BART. Ang istasyon ay magkakaroon ng paradahan ng sasakyan, mga pasilidad para sa bisikleta, at pag-uugnay patungo sa Caltrain, Capitol Corridor, Altamont Corridor Express, at ilang linya ng bus ng VTA sa kasalukuyang ilalim na tawiran na pedestriyan ng Santa Clara.

Sa hangganan ng Santa Clara at San José, magkakaroon ng access ang mga pasahero ng BART sa mga destinasyon ng dalawang lunsod na ito at ang layo ay kayang lakarin. Sa hilagang-silangan ang Gateway Crossings, isang bagong pagpapaunlad na may pabahay, tindahan, at bukas na espasyo. Sa timog-silangan ang PayPal Park (tahanan ng San José Earthquakes), kombinasyong pagpapaunlad, Coleman Highline, at iba't ibang restawran at tindahan. Sa timog-kanluran ang Santa Clara University, ang pinakamatandang nag-o-operate na unibersidad sa California.

## Santa Clara Station: Sa isang Tingin

**10,100**
Mga pasahero kapag weekday sa 2040

**500 Parking Spaces**
Mga Parking Space para sa mga pasahero ng BART

Na nasa distansyang kayang lakarin patungo sa **Santa Clara University**


Malapit sa **PayPal Park**, tahanan ng San José Earthquakes

Kokonekta sa **San José International Airport** na dadaan sa Route 60 ng VTA

Ang BART Silicon Valley Phase II Extension ng VTA (Phase II Project) ay isang anim na milya, apat na istasyong ekstensyong ng BART mula Berryessa/North San José Station (bukas na noong 2020) hanggang downtown San José patungo sa Lunsod ng Santa Clara. Isinaplano ang Phase II Project na may kasamang tinatayang limang milyang subway, tatlong istasyon na may mga underground platform (28th Street/Little Portugal, Downtown San José, at Diridon), isang ground-level na istasyon (Santa Clara), isang maintenance ng tren at pasilidad para sa imbakan, at karagdagang mga pasilidad.

*Pagpapatuloy sa susunod na pahina.*

*Mga kapartner sa pagpopondo ng proyekto*
2000 Measure A · CalSTA · 2016 Measure B VTA




Valley Transportation Authority

*Solutions that move you*

| | | |
|---|---|---|
| (408) 321-2345 | English | |
| (408) 321-2300 | Español<br>Tagalog<br>Português | 粵/華語<br>Tiếng Việt<br>한국어 |
| (408) 321-2330 | TTY | |

vta.org/bart

vtabart@vtabsv.com

facebook.com/bartsv

twitter.com/bartsv